

Nagkakahalaga(magastos) ng pera ang pagpasok sa mataas na paaralan (high school). Tingnan sa pahina 17(labing anim).
Una, kapag nakapasa sa Mataas na Paaralan kailangan magbayad ng admission fee o bayad sa pagpasok at bayad sa martikula o tuition fee.
Gayunpaman, mayroong isang sistema sa pag-aaral sa Paaralan at tulong pantustos sa martikula o bayarin.Kung ang taunang kita ng pamilya ay mababa sa 9,100,000 yen ang kabuuan ng halaga.Hindi na kailangan magbayad sa Pampublikong Mataas na Paaralan.
Ang mga Pribadong Mataas na Paaralan o Private High School ay maaari ring magbigay ng tulong.
Subalit, kinakailangan ang mga pamamaraan pagkatapos makapasok sa Mataas na Paaralan.
Mangyaring tingnan ng mabuti ang pahina 18(labing pito) ng Guide Book, Nakasulat ang detalyadong nilalaman.

Ang kailangan na bayarin para 1st year na estudyante

Guidebook ☞ p.17

Tuition fee (Private School), bayad para sa mga libro, uniporme, damit pang P.E, Bayad sa pagiging student membership, pondo pang schooltrip at iba pa.



About¥40,000

Pampublikong part-time (Teijisei.)

About¥200,000

Pampublikong Full time (Zennichi sei.)

¥900,000 or more

Private Full time (Zennichi sei.)

Bukod dito sa may baba ng pahina 17 (labing anim), kakailanganin gastusin bukod sa bayad sa martikula, bayad sa mga libro,uniporme, damit pang P.E, bayad sa pagiging kasapi ng mag-aaral (student membershipfee), pondo pang school trip at iba pa.
Ang karaniwang gastusin sa paaralan sa isang taon 40,000 yen ang para sa Pampublikong part-time (Teijisei), 200,000 yen para sa Pampublikong Full time (Zennichi sei).
Nasa mahigit 900,000 yen ang kakailanganin na gastusin sa Pribadong Mataas na Paaralan (Private School) malaki ang pagkakaiba nang bayarin ng bawat Pribadong Paaralan (Private School).
Kapag nakapasa sa pagsusulit kakailanganin agad ng malaking halaga para pambayad sa uniporme at aklat-aralin at iba pa.
Mayroong Paaralan na nangongolekta pera sa araw ng Orientation. Kinakailangan maghanda ng pang-bayad.

Scholarship

※Para sa pamilyang hirap sa gastusin, mayroong Sistema na magpapahiram ng pera.

Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang listahan ng mga Scholarship.

Para sa pamilyang hirap sa gastusin, mayroong Sistema na magpapahiram ng pera.
Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang listahan ng mga Scholarship.

さいごまで あきらめないで、がんばって！

Ilustrasyong isinulat ng isang mag-aaral sa high school mula sa Brazil.

Tapos na itong pagpapaliwanag.
Lahat, huwag sumuko hanggang katapusan, kamitin ang iyong pangarap.